Pampublikong konsultasyon tungkol sa pagpapatupad Kasunduan ng UN sa Mga Karapatan ng Bata
****************************************************************

Ang Constitutional and Mainland Affairs Bureau (CMAB) ay nag-aanyaya sa pampublikong mga pananaw tungkol sa pagpapatupad ng Kasunduan ng Mga Nagkakaisang Bansa sa Mga Karapatan ng Bata (ang Kasunduan) sa Espesyal na Administratibong Lungsod ng Hong Kong (HKSAR) simula ngayong araw (ika-23 ng Pebrero).

Ang Central People's Government (CPG) ay magsusumite ng pinagsamang ikalima at ika-anim na ulat sa ilalim ng Kasundua. Ang Pamahalaan ng HKSAR ay magsusumite ng ulat nito sa CPG tungkol sa pagpapatupad ng Kasunduan sa HKSAR para pagsamahin bilang bahagi ng ulat ng People’s Republic of China.

Alinsunod sa naitatag na kaugalian, ang Pamahalaan ay naghanda ng isang balangkas ng mga paksa na isasama sa ulat upang mapadali ang mga pampublikong komento sa mga kaugnay na isyu. Ang mga kopya ng balangkas ng ulat ay maaaring makuha mula sa mga Home Affairs Enquiry Centre ng mga Tanggapang Pandistrito. Makukuha din ito sa websayt ng CMAB sa www.cmab.gov.hk.

“Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring magsumite ng kanilang mga pananaw sa amin sa ika-9 ng Abril ngayong taon tungkol sa pagpapatupad ng Kasunduan patungkol sa mga paksang ibinalangkas, o magmungkahi ng anumang karagdagang mga paksa na sa kanilang palagay ay dapat naming isama sa ulat ng HKSAR. Isasaalang-alang naming mabuti ang lahat ng mga komento at mga mungkahi na natanggap sa pagbabalangkas ng ulat," wika ng isang tagapagsalita ng CMAB.

Ang mga miyembro ng publiko na gustong magpahayag ng kanilang mga pananaw ay maaaring sumulat sa Constitutional and Mainland Affairs Bureau (Team 5) , 12/F, East Wing, Central Government Offices, 2 Tim Mei Avenue, Tamar; o ipadala ang kanilang mga pagsusumite sa pamamagitan ng fax sa 2840 0657, o sa email sa crc_consultation@cmab.gov.hk.

NNNN

[Ang dokumentong ito ay isinalin mula sa Tsino/Ingles. Kung mayroong anumang pagkakaiba sa pagitan ng bersyong Tsino/Ingles at sa isinaling bersyon, ang bersyong Tsino/Ingles ang siyang mangingibabaw.]